Tagalog

Women with Disabilities Australia (Kababaihang may |Kapansanan Australya)

Aklat 5

Alamin ang iyong mga karapatan

WOMEN WITH DISABILITIES AUSTRALIA (WWDA)

Kami ang Women with Disabilities Australia. Isusulat namin ang mga titik na **WWDA** kapag nag-uusap tayo tungkol sa amin.

Aklat 5.

Ang aklat na ito ay tungkol sa **iyong mga karapatan.**

Ang aklat na ito ay para sa mga kababaihan at mga batang babae na may **kapansanan**.

Alamin ang tungkol sa kapansanan sa aklat na ito **Mga bagong salita.**

Ano ang mga karapatan?

Bawa’t isa ay may mga karapatan.

Ang mga karapatan ay mga bagay-bagay na maaaring

- **marating mo sa buhay.** Gaya ng gusto mong maging isang nars
- **magawa mo.** Gaya ng gusto mong magbakasyon
- **makuha mo.** Gaya ng gusto mong magkaanak.



Ang mga kababaihan at mga batang babae na may kapansanan ay mayroong **kaparehong mga karapatan** gaya ng iba.



Walang sinuman na makapag-aalis ng iyong mga karapatan.

Mga Batayang Karapatan

Ikaw ay may karapatan sa mga batayang bagay-bagay sa iyong buhay. Gaya ng

- pagkain at tubig

- ligtas na lugar na matitirahan

- tamang mga damit na isusuot.

Karapatang maging ligtas

Lahat ng mga kababaihan at mga batang babae na may kapansanan ay may karapatang maging ligtas mula sa karahasan.



Basahin ang tungkol dito sa ating aklat **Ang karapatan mong maging ligtas mula sa karahasan.**



Ikaw ay may karapatan na tratuhin sa isang makatarungang paraan.

Kapag ikaw ay **hindi** tinatrato sa isang makatarungang paraan, ito ay tinatawag na **diskriminasyon**. Marami pang babasahin tungkol dito sa ating aklat **Mga Bagong Salita** sa pahina 6.

Ikaw ay may karapatang magsalita tungkol sa

- karahasan

at

kapag ikaw ay **hindi** tinatrato sa isang makatarungang paraan.

Mga karapatan tungkol sa iyong buhay

Lahat ng mga kababaihan at mga batang babae na may kapansanan ay may karapatang

Magpasya

- magkaroon ng pera



- pumili kung saan maninirahan

at

- kung sinong mga taong pangkalusugan ang gusto mong kausapin. Gaya ng isang bagong doctor

at



- magpasya tungkol sa iyong
  - mga pildoras
  - mga iniksyon
  - mga krema.

Karapatang makilahok

Ang mga kababaihan at mga batang babae na may kapansanan ay may karapatan na **gawin ang mga bagay na ginagawa ng lahat ng mga kababaihan at mga batang babae.** Gaya ng

- pumasok sa paaralan

- pumasok sa trabaho
- mabayaran para sa ating trabaho

- bumoto sa mga halalan.



Karapatan sa mga serbisyo at mga suporta

Ang mga kababaihan at mga batang babae na may kapansanan ay may karapatan sa

- **mga serbisyo**
- **mga suporta.**

Ito ay maaaring para sa iyong kalusugan. Gaya ng

- magpatingin sa iyong doktor
- magpa-x-ray
- magpa-screen ng suso.

Ito ay maaaring para din sa mga manggagawang tagasuporta. Gaya ng

- tulungan kang maligo
- tulungan kang magplano at gumamit ng iyong pera
- tulungan kang lumabas.

Ito ay maaari ring salapi mula sa pamahalaan. Gaya ng

- pensyon
- tulong sa pagbabayad ng iyong upa.

Ito ay maaari ding impormasyon na magagamit mo.

Gaya ng impormasyon na



- mapapakinggan mo
- may malalaking letra



- nasa karatula
- nasa Easy English (Madaling Ingles) nasa ibang wika.

Mga karapatan tungkol sa pakikipagtalik at ang iyong katawan

Ang mga kababaihan at mga batang babae na may kapansanan ay may karapatan na



- magkaroon ng karelasyon
- mahalin

- magkaanak

- igalang.

Maaari kang makipag-usap sa isang tao tungkol sa iyong mga karapatan.

Australian Human Rights Commission (Komisyon ng mga Karapatang Pantao sa Australya)

Tawagan ang numerong 02 9284 9600

O

Pumunta sa website ng

www.humanrights.gov.au

Maaari mong gamitin ang **National Relay service** sa Komisyon ng mga Karapatang Pantao sa Australya

Tawagan ang numerong 1800 555 677

TTY 133 677

Hilingin ang numerong 1800 737 732

Kailangan ng tagasaling-wika

Tawagan ang numerong 131 450

Hilingin ang numerong 1800 737 732.

Salamat

Sino ang sumulat ng aklat na ito?

Ang Kababaihan na may Kapansanan Australya ang sumulat ng aklat na ito noong 2019.

Ang aklat na ito ay para sa pangkalahatang edukasyon at impormasyon lamang.

Pag-aari ng akda

© Pag-aari ng akda

Women With Disabilities Australia (WWDA) Inc. 2019

Lahat ng mga karapatan sa intelektuwal na pag-aari, kabilang ang pag-aari ng akda at mga patente, na nasa aklat na ito ay pag-aari at lisensiyado ng Women with Disabilities Australia Inc.

Salamat sa iyong donasyong salapi

Ang Pambansang Paraan ng Seguro para sa May-Kapansanan ay nagbigay ng salapi sa Women with Disabilities Australia upang tumulong mailikha ang website na ito.

Ang mga larawang ginamit sa papel-kaalamang ito

Easy on the I Images © 2018 Leeds at ang York Partnership NHS Foundation Trust. Ginamit nang may pahintulot.

www.easyonthei.nhs.uk